

Tala: 1

Magnetic Resonance Imaging(includes abstract) Carson-DeWitt R; Consumer Health Information Language Database, Consumer Health Information, EBSCO Publishing, November 2008; (patient education - procedure) CINAHL AN: 2010052398

Abstract: Ginagamit ang magnetic waves upang gumawa ng mga larawan ng loob ng katawan. Gamit ang malaking bato-balani, radio waves, at isang computer, gumagawa ang MRI ng dalawang-dimensyon at tatlong-dimensyong mga larawan.

[View English](#)

Database: Consumer Health Information -- Tagalog

Magnetic Resonance Imaging

(Imaging, Magnetic Resonance; MRI Scan)

ng: Pamatnugutan at Mga Nag-ambag

[\[View English Version\]](#)

Kahulugan

Ginagamit ang magnetic waves upang gumawa ng mga larawan ng loob ng katawan. Gamit ang malaking bato-balani, radio waves, at isang computer, gumagawa ang MRI ng dalawang-dimensyon at tatlong-dimensyong mga larawan.


Mga Sangkot na Bahagi ng Katawan

Alinmang bahagi ng katawan

Mga Dahilan para sa Proseso

- Upang masuri ang mga panloob na pinsala o kondisyon
- Upang subaybayan ang mga epekto ng mga gamot at panlunas

MRI ng Pinsala sa Utak



© 2009 Nucleus Medical Art, Inc.

Mga Panganib para sa mga Kumplikasyon sa Panahon ng Proseso

Maaaring hindi puwede sa iyo ang eksaminasyong MRI kung taglay mo ang alinman sa mga sumusunod sa iyong katawan:

- Pacemaker
- Neurostimulator
- Implant sa tainga
- Mga bakal na pang-ipit sa iyong mga mata
- Nakabaong aparatong port
- Intrauterine device (IUD)
- Mga bakal na ohas, mga aspile, mga turnilyo o mga staple na pang-operasyon
- Mga bakal na pang-ipit mula sa pagsasaayos ng aneurysm
- Mga naiwang bala
- Anumang ibang malaking mga bakal na bagay na nakabaon sa iyong katawan (karaniwang puwede ang mga pasta ng ngipin at mga alambreng pampatuwid ng ngipin)

Sabihan ang iyong doktor kung ang iyong trabaho ay sangkot ang mga pinagkikilang bakal o mga piraso.

Anong Maaasahan

Bago ang proseso

Sa mga araw palapit sa iyong eksaminasyong MRI:

- Iwasang gumamit ng pomada, pangwisik, mga pamahid, mga polbo, o mga kolorete.
- Kung magreseteta ang iyong doktor ng pampakalma:
 - Ayusin ang sasakyan pauwi.
 - Huwag kumain o uminom nang di-kukulangin sa 4 na oras bago ang eksaminasyon.
 - Inumin ang pampakalma mga 1-2 oras bago ang eksaminasyon, o ayon sa ibinilin.

Sa oras na nasa sentro ng MRI:

- Tatanungin ka tungkol sa sumusunod:
 - Kasaysayang medikal
 - Pagbubuntis
 - Mga allergy
 - Dati nang operasyon sa ulo
- Tatanggalin mo ang anumang mga bakal na bagay (halimbawa, alahas, gamit na pandinig, mga salamin sa mata).
- Maaaring kunin ang x-ray upang tingnan kung mayroong anumang mga bakal na bagay sa iyong katawan.
- Tatanggalin mo rin ang lahat ng mga bagay sa iyong mga balsa.

Habang Proseso

Ikaw ay maaaring:

- Bigyan ng pamasak sa tainga o magsusuot ng gamit sa pakikinig ng radyong idinidikit sa tainga (Gumagawa ang makina ng MRI ng maingay na kumakalampag na tunog.)
- Bigyan ng iniksiyon ng tintang nagpapakita ng pagkakaiba
- Pahintulatang may miyembro ng pamilya o kaibigan sa pagsusuri

Anesthesia

Wala. Kung mayroon kang takot sa mga kulob na lugar, maaaring bigyan ka ng pampakalma.

Paglalarawan sa Proseso

Hihiga kang hindi gumagalaw sa dumudulas na mesa. Depende sa iyong kondisyon, maaaring mayroong mga monitor na sumusubaybay sa iyong pulso, tibok ng puso, at paghinga. Pinapadulas ang mesa sa makipot, kulob na silindro. (Mayroon ding mga bukas na makina ng MRI.)

Aalis ang technician sa kuwarto. Bawat serye ng MRI ay ginagawa. Sa pamamagitan ng intercom, bibigyan ka ng technician ng mga tagubilin, gaya ng pagpigil sa iyong hininga. Maaari mo ring kausapin ang technician sa pamamagitan ng intercom na ito. Kung ginagamit ang tintang nagpapakita ng pagkakaiba, ipinapasok ang maliit na karayom na IV sa iyong kamay o braso. Ginagawa ito bago ka ipasok sa makina. Una, pinapatulo ang solusyong asin at tubig sa iyong ugat upang pigilin ang pamumuo. Pagkatapos, iniiniksiyon ang tinta. Kapag tapos na ang eksaminasyon, ilalabas ka sa makina. Tatanggalin ang IV na karayom.

Pagkatapos ng Proseso

Hihingin sa iyong maghintay hanggang maeksamen ang mga imahe. Maaaring kailanganin ng technician ng mas marami pang mga imahe.

Gaano Katagal Ito?

40-90 na minuto

Masakit Ba?

Ang eksaminasyon ay hindi masakit. Kung mayroong iniiniksiyon sa iyong tinta, maaaring may paghapdi kapag ipinapasok ang karayom na IV. Maaari ring makaramdam ka ng bahagyang malamig na pakiramdam habang iniiniksiyon ang tinta. Kung mayroon kang takot sa mga kulob na lugar, maaaring maging napakahirap ng eksaminasyon para sa iyo. Maaaring bigyan ka ng iyong doktor ng pampakalma. Maaari mo ring tanungin ang iyong doktor tungkol sa bukas na MRI, na isang mas malaki at may mga bukas na lahat ng tagiliran.

Mga Posibleng Kumplikasyon

Allergy sa tintang nagpapakita ng pagkakaiba (bihira)

Karaniwang Pananatili sa Ospital

Wala

Pag-aalaga Pagkatapos ng Operasyon

- Kung uminom ka ng pampakalma, huwag magmaneho, magpaandar ng makinarya, o gumawa ng mga mahahalagang desisyon hanggang lubusang mawalan ng bisa ang pampakalma.
- Kung ikaw ay nagpapasuso at tumanggap ng tintang nagpapakita ng pagkakaiba, maghintay nang di-kukulangin sa 24 oras pagkatapos ng eksaminasyon bago magpasusong muli.

Resulta

Pagkatapos ng eksaminasyon, pag-aaralan ng isang radiologist ang mga imahe at ipapadala ang ulat sa iyong doktor. Kausapin ka ng iyong doktor tungkol sa mga resulta at anumang karagdagang mga pagsusuri o paggamot.

Tawagan Ang Iyong Doktor Kung Mangyayari Ang Alin Man sa Mga Sumusunod

- Kung iniiniksiyonan ka ng tintang nagpapakita ng pagkakaiba, anumang mga sintomas ng allergy o di-normal na mga sintomas
- Paglala ng mga sintomas na nag-udyok sa eksaminasyon

Published by EBSCO Publishing. This content is reviewed regularly and is updated when new and relevant evidence is made available. This information is neither intended nor implied to be a substitute for professional medical advice. Always seek the advice of your physician or other qualified health provider prior to starting any new treatment or with questions regarding a medical condition. Copyright 2009 EBSCO Publishing. All Rights Reserved.

Pagkukunan: Consumer Health Information, EBSCO Publishing. November 2008

Numero ng Item: 2010052398